
# ANO ANG GAGAWIN KUNG MAY PAG-ATAKE NG ASO:

## KUNG IKAW ANG MAY-ARI NG ASO:

- Maging responsable - ikaw ang responsable sa anumang gastusing may kaugnayan sa pinsalang dulot ng iyong hayop sa sinumang tao sa labas ng iyong ari-arian, kabilang na ang anumang pinsala sa anumang ari-arian, na hindi mo pag-aari.
- Ibahagi ang iyong impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa biktima ng pag-atake ng iyong aso.
- Makipagtulungan sa pulisya at sa mga opisyales ng DOA at ibigay ang anumang impormasyong hihingiin nila sa iyo.
- Gumawa ng mga hakbang upang masiguradong hindi na mauulit pa ang isyung ito.

## KAPAG INATAKE KA:

- Tumawag sa pulisya o sa 9-1-1 at magsagawa ng pormal na reklamo.
- Kung nakagat ka, siguraduhing magpatingin sa doktor para sa paggamot. Mabilis magka-impeksiyon ang mga kagat ng hayop.
- Magbigay ng pahayag sa pulisiya kasama ang petsa, oras,lokasyon, paglalarawan ng hayop, paglalarawan ng pinsala, na may kasamang litrato hangga't maaari. Makakatulong din ang anumang ospital o medikal na mga rekord na nagpapatunay ng pinsala.
- Subukang makipag-usap nang mahinahon at makatuwiran sa may-ari ng hayop, kung kilala ito. Kung hindi kayo aabot sa desisyong sibil tungkol sa pananagutan, ilulunsad ang imbestigasyon ng pulisiya tungkol sa pangyayari at kinakailangang humarap sa korte ang dalawang partido.



> "Bilang may-ari ng aso mayroon kang mahahalagang responsibilidad para sa kapakanan at kontrol ng iyong hayop"

# KANINO MAKIKIPAG-UGNAYAN

Para sa karagdagang impormasyon sa iyong mga responsibilidad bilang isang may-ari ng aso at mga sagot sa mga tanong tungkol sa kapakanan ng iyong alaga, o para mag-ulat ng mga kaso ng ligaw na aso o anumang isyu, makipag-ugnayan sa:

**Ang Kagawaran ng Agrikultura**

947-3090

agriculture@gov.ky

www.doa.gov.ky at i-click ang link na 'Report Animal Cruelty' (reportanimalcruelty@gov.ky).

Upang mag-ulat ng mga pag-atake ng aso o mga asong ligaw o wala sa kontrol, makipag-ugnayan sa **9-1-1** o **sa Royal Cayman Islands Police Service** (www.rcips.ky):

**George Town Police Station**

949-4222

**Bodden Town Police Station**

947-2220

**West Bay Police Station**

949-3999

**Cayman Brac Police Station**

948-0331

**Little Cayman Police Station**

948-0100

Kung gusto mong magbigay ng anonymous tip:

**Cayman Crime Stoppers**

800-TIPS

www.caymancrimestoppers.com

Department of Agriculture
Cayman Islands Government

Royal Cayman Islands Police Service



# Responsableng *Pagmamay-Ari Ng Aso*

**Ang Cayman** ay isang magandang lugar para mag-alaga ng aso, nang may maraming mapagpipiliang lalakaran at mga gawaing kaaya-aya sa aso. Gayunpaman, bilang may-ari ng aso may mahahalaga kang mga responsibilidad para sa kapakanan at kontrol ng iyong hayop, gaya ng inilalarawan sa brochure na ito.

**Ang Departamento ng Agrikultura (DOA)** at **The Royal Cayman Islands Police Service (RCIPS)** ay nandito upang suportahan ka sa pagtugon ng iyong mga responsibilidad, ngunit naatasan ding mag-imbestiga ng mga atake ng aso o mga insidente ng pagpapabaya kapag nangyari ang mga ito.

Una at pinaka-pangunahin nais naming ipaalam sa mga may-ari ng aso kung ano ang inaasahan sa kanila, at imbitahan ang sinumang may katanungan na makipag-ugnayan sa Departamento ng Agrikultura sa **947-3090**, email **agriculture@gov.ky** o bisitahin ang website **www.doa.gov.ky**.



# RESPONSIBILIDAD PARA:

## SA KAPAKANAN NG IYONG ASO

### Siguraduhin ang kalusugan at kapakanan ng iyong aso sa pamamagitan ng pagsunod sa Gabay sa 'Limang Kalayaan':

1. **Kalayaan mula sa Gutom at Uhaw:** Sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakahandang access sa sariwang tubig at sa diyeta na nagpapanatili ng buong kalusugan at kasiglahan.

2. **Kalayaan mula sa Kawalan ng Kaginhawahan:** Sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang kapaligiran kabilang na ang kanlungan at ang kumportableng pahingahan.

3. **Kalayaan mula sa Sakit, Pinsala at Karamdaman:** Sa pamamagitan ng pag-iwas o ng mabilis na dyagnosis at paggamot.

4. **Kalayaan na Magpahayag ng Normal na Asal:** Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na espasyo, tamang pasilidad at pagsasama ng mga katulad na hayop (o ng kanyang handler).

5. **Kalayaan mula sa Takot at Pagkabalisa:** Sa pamamagitan ng pagsiguro ng mga kondisyon at paggamot na makakaiwas sa pagdurusa ng kaisipan.

## ANG IYONG PAGLISENSYA

### Mga Seksyon ng Batas sa mga Hayop 24 at 26

24. Ang isang tao ay hindi dapat mag-alaga ng aso na lampas sa edad na apat na buwan maliban kung mayroon siyang lisensya ng aso para sa aso.
26. Ang bawat taong nag-aalaga ng aso ay dapat siguraduhin na ang aso ay may tali at nakasuot ng kulyar na may tag ng pagkakakilanlan kasama tag ng pagkakakilanlan na may numero ng lisensya habang nasa highway o iba pang pampublikong lugar.

**Ang mga lisensya sa aso ay maaaring makuha sa Departmento ng Agrikultura (DOA) nang libre.**

**Mainam rin na gawain ang pagpapalagay ng microchip sa iyong aso dahil ito at ang lisensya ay makakatulong sa iyong makapiling muli ang iyong aso sakaling mawala o ma-impound ito.**

## PAGKONTROL NG IYONG ASO

### Mga Seksyon sa Batas ng mga Hayop 26, 36, 43 at 47

26. Ang bawat taong nag-aalaga ng aso ay dapat siguraduhin na ang aso ay may tali habang nasa highway o iba pang pampublikong lugar.
36. Ang isang tao na, nangangalaga o nagma may-ari ng isang hayop ay gumagawa ng paglabag o pagkakasala kapag hinayaan niya itong magpalaboy sa lansangan...
43. Kapag dumumi ang isang aso sa anumang oras saanmang pampublikong lugar at ang taong nangangalaga sa aso sa panahong iyon ay nabigong linisin ang tae mula sa pampublikong lugar, ang taong iyon ay magkakasala ng paglabag.
47. Maaaring hulihin at ikulong ng kustable ang anumang asong makita sa lansangan o sa pampublikong lugar kung saan may rasong maniwala na palaboy ito at, kung matunton ang may-ari, ay magbibigay ng abiso sa paghuli sa nasabing may-ari kung saan ibabalik ang aso matapos magbayad ang may-ari sa lahat ng mga gastos na natamo sa pagkakakulong ng aso.


**Kapag hindi pinag-ehersisyo nang may tali, ang mga aso ay dapat panatilihin sa loob ng ari-arian ng may-ari, alinman sa pamamagitan ng:**

Nakabakod na ari-arian - siguraduhin na ang iyong bakod ay mataas at ligtas upang hindi makatakas ang hayop papunta sa kalsada.

- Angkop na pagkakatali - siguraduhing ito ay sa paraang hindi ikakapahamak ng hayop, ngunit sinisiguradong ang mga tao sa kalsada ay hindi apektado ng hayop.
- Angkop na laki at ligtas na kulungan ng aso

**Ang mga hayop na pinapanatiling napapaloob o nakatali ay dapat regular na pinag-eehersisyo. Tandaang palaging maglinis kasunod ng iyong aso.**

| Laki ng Aso | Lugar ng Tulugan | Takbo |
|---|---|---|
| Maliit (mas maba-ba sa 15 libra) | 2 talampakan x 2 talampakan | 2.5 talampakan x 5 talampakan (12.5 kuwadradong talam-pakan) |
| Katamtaman (16-44 libra) | 2.5 talampakan x 3 talampakan | 4 talampakan x 10 talampakan (40 kuwadradong talampakan) |
| Malaki (45-88 libra) | 3 talampakan x 5 talampakan | 5 talampakan x 15 talampakan (75 kuwadradong talampakan) |




## PAGPROTEKTA NG KOMUNIDAD

### Mga Seksyon ng Batas sa Hayop 40, 44 at 46

40. Kapag ang isang aso ay mapanganib na wala sa kontrol sa pampublikong lugar, ang may-ari, at kung magkaiba, ang taong namamahala sa aso sa panahong iyon, ay magkakasala ng paglabag.
44. Ang isang aso ay ituturing na mapanganib na wala sa kontrol sa anumang okasyong mayroong batayan para sa makatwirang pangamba na makakapinsala ito sa sinumang tao o sa isa pang alagang hayop, gawin man nito o hindi,...hindi kasali ang pagtukoy sa anumang kaso kung saan ang aso ay ginagamit para sa mga legal na layunin ng isang kustable, opisyal ng publiko, o ng isang naka-unipormeng security guard habang ginagawa ang kanyang mga tungkulin.
46. Ang taong nagpapahintulot sa anumang mabangis na asong malaya o nagpalaya o naghihimok sa anumang aso na umatake, ilagay sa pagkabahala o takot ang sinumang tao o magkakasala ng paglabag ang protektadong hayop...

